


«Ang paggamit ng Saigaiyou Dengon Dial [1 7 1]»  
 (Disaster Message Dial; voice recording · play)



※ Ang guidance ng Disaster Message Dial na 171 ay sa wikang Nihongo lamang.

Subalit, maaaring maranasan ang paggamit nito kahit walang kalamidad na dumating. Mayroong araw para makapag-ensayo ng paggamit nito. Tiyak na ito ay magiging kapaki-pakinabang kung sakaling dumating na ang oras ng kalamidad. Inaanyayahan ang lahat, isama ang inyong pamilya, kamag-anak, kaibigan at mag-ensayo kung paano ito gagamitin.

#### 《Taiken Riyoubi (araw na masusubukan)》

- Tuwing a-1 at a-15 ng buwan; 00:00~24:00
- 3 araw sa Bagong Taon (Enero 1, 12:00 A.M.~ Enero 3, 24:00)
- Disaster Prevention Week (Agosto 30, 9:00~ Setyembre 5, 17:00)
- Disaster Prevention at Volunteer Week (Enero 15, 9:00~ Enero 21, 17:00)

#### 《Kondisyon upang makasubok nito》

- Message registration time (oras ng paglalagay ng mensahe) : 3 0 segundo
  - Message retention period (durasyon na mapapakinggan ang mensahe) : Hanggang sa matapos ang durasyon ng aktibidad na ito.
  - Number of messages stored (bilang ng mensahe na maise-save) : 2 0 mensahe
- ※ Kung may kalamidad na dumating sa mga araw na binanggit, makakansela ang aktibidad na ito.